# Prologue

"Nahanap mo na ba ang ipinahahanap ko sa iyo?" paos na tanong ng ubaning matanda kay Mr. Elmo Cruz habang binabasa ang ilang piraso ng papel sa loob ng folder. Kasalukuyan siyang nasa harap ng antigong mesa niya.

Kanina nang sabihin sa kanya ng manugang niyang si Ayesha na dumating na ang detective at may dala raw na magandang balita ay halos kapusin siya ng hininga. Gusto sana niyang tumakbo papunta sa library kung saan naghihintay ang bisita, upang malaman kaagad ang balita nito. Ngunit masyado na siyang matanda at nakakulong na siya sa wheelchair kaya hindi na siya makakatakbo.

Matagal na inasam ni Andres Devera ang pangyayaring ito. Sa wakas, bago man lang siya mamatay ay maitama niya ang mga kasalanan niya sa matalik niyang kaibigan.

Ilang buwan na ang nakakalipas nang makausap niya ang detective na ito. Hindi maganda ang naging unang balita nito sa kanya. Pumanaw na ang kanyang pinakamatalik na kaibigan na si Pio Badilla. Labis ang

kanyang pagsisisi na hindi man lang sila nagkaayos habang nabubuhay pa ito. Napag-isip-isip niya na mas maganda kung ang hanapin na niya ay ang apo nitong babae na si Nemencia; kailangan niyang magbayad-utang.

Itinuring niyang higit pa sa isang kaibigan si Pio. Kapatid ang turingan nila sa isa't isa. Hindi man sila magkadugo ay mas matindi pa roon ang naging bigkis nila. Pareho silang nanggaling sa mayamang angkan, ngunit ang pagpapabaya ng kanilang mga magulang ang naging daan upang magkalapit sila. Hanggang sa tumanda na sila ay walang nakasira ng pagkakaibigan nila. Napagkasunduan pa nilang ipakasal ang mga anak nila nang manganak ang kani-kanilang mga misis.

Ngunit ikinabigla niya nang magsumbong ang kanyang asawa na binastos umano ito ni Pio. Sinugod niya ang kaibigan sa bahay nito at kung anu-anong mura ang itinapon niya rito. Pinutol niya ang pagkakaibigan nila. Ilang beses itong nagtangkang kausapin siya pero naging matigas si Andres. Sa galit niya ay unti-unti niyang pinataob ang mga negosyo nito hanggang sa malugi na ito. Naghirap ito at hindi niya tinulungan para makaahon muli.

Huli na nang malaman niya ang kasinungalingan ng kanyang asawa. Nawalan na sila ng komunikasyon ni Pio. Hindi niya alam kung saan ito lumipat ng tirahan. Hanggang sa kanyang pagtanda ay dala pa rin ng konsyensya niya ang ginawa niyang pagbalewala sa magandang pinagsamahan nila ng dating kaibigan.

"Yes, Mr. Devera. Natagpuan na po namin si Nemencia Calderon. Sa kasalukuyan po ay nagtatrabaho siya sa *Pursuit Telecoms*. Nagsimula po siya noong isang linggo. Siya po at ang kanyang buong pamilya ay nakatira sa Makati," anang kaharap niyang detective.

Napahalakhak si Andres. "Ang ibig mong sabihin ay empleyado siya ng kompanyang pag-aari ng apo ko?" The old man looked at the picture of Nemencia. He still had the dignity and the authority that benefited from his eighty years on earth.

"Yes, Sir. Nandiyan po sa ibinigay kong folder sa inyo ang lahat ng detalye tungkol kay Miss Calderon."

"Good job. I will give you a generous bonus for your efficiency. Thank you, Mr. Cruz."

Hindi pa man nakakalabas ng library ang

detective ay nakatuon na muli ang mga mata ni Andres sa larawan ni Nemencia.

"Kamukhang-kamukha ka ng lolo mo, Nemencia. Para kayong pinagbiyak na bunga," nakangiti niyang sabi. Tumingala siya. "Isa ba itong senyales mula sa iyo, kaibigang Pio? Sa lahat naman ng puwedeng pagtrabahuhan ng iyong apo ay doon pa siya napasok sa kompanya ng apo ko. Talaga bang gusto mo silang ipaglapit upang ipahiwatig sa akin ang iyong kapatawaran? Kung iyon ang nais mo'y matutupad ito. Ipakakasal ko si Alfonso at si Nemencia upang maging isa ang ating pamilya."

# 1

*"Don't cha wish your girlfriend was hot like me. Don't cha,"* kanta ni Nema habang sumasayaw. She was practicing the sexy dance moves of the *Pussycat Dolls* mula sa music video ng kantang *Don't Cha*. Iwinawasiwas niya ang kanyang mahaba at alun-along buhok para magmukha siyang kasing-sultry ng anim na miyembro ng grupong iyon.

Gumigiling-giling siya at feeling niya ay napaka-sexy niya sa kanyang suot na pajama bottoms at lumang t-shirt na ibinuhol niya sa may itaas ng tiyan kaya labas ang pusod niya. Para siyang naninigas na ahas sa ginagawa niya. Nauna niyang isinalok ang ulo niya saka isinunod ang katawan. Tumuwad pa siya para lalong makita ng invisible audience niya ang kanyang ass-et.

Nasa ganoon siyang posisyon nang sumungaw sa pinto ng kuwarto niya ang kanyang kapatid.

"You're in deep sh*t!" anang sampung taong gulang na si Nikko.

Malakas ang volume ng TV kaya hindi masyadong narinig ng dalaga ang sinabi nito. Ang nakita niya ay

ang pagbuka ng bibig nito. Base sa kanyang newly acquired lip reading skills, he uttered something like, *"Wala kang bait!"*

Siya na lang palagi ang nakikita ng kapatid niyang ito. Hindi niya ito masisisi kung isipin nitong nababaliw na siya. Aminado siya na may pagka-weirdo talaga siya. Noong high school siya, ang tukso sa kanya ay Nemencia Dementia dahil kakaiba ang mga hilig niya at pananaw sa buhay kumpara sa mga kaklase. Non-conformist siya, kumbaga. Hindi siya basta-basta sumusunod sa uso at kung ano ang current craze.

Kung anu-ano ang interes niya at nagpapalit iyon every week. Noong isang buwan ay astrology, sumunod ay lip reading pagkatapos ay belly dancing at ngayon nga ay pina-practice niya ang kanyang sexy hip-hop grooves.

Gumewang si Nema dahil sa biglaang pagtigil niya ng pag-ikot sa kanyang ulo ay nahilo siya. Dahil nawalan siya ng balanse ay bumagsak siya sa sahig. Tuluyang pumasok sa silid ang kanyang kapatid at hawak ang tiyan na halos maluha-luha na ito sa katatawa.

Nang medyo nawala na ang umiikot na stars sa kanyang paningin ay ngumiti siya nang plastic

dito, kunwari ay amused din siya sa ginawa niya. Dinukwang niya ang remote control ng TV at pinahina ang volume niyon. Tumayo siya upang lapitan ang kapatid na hanggang ngayon ay tawa pa rin nang tawa. Inakbayan niya ito nang mahigpit hanggang halos masakal na ito saka gigil na kinutusan.

"Ikaw, bata ka, ano'ng pinagsasabi mong wala akong bait? Tandaan mo, ate mo pa rin ako."

Kahit may kapilyuhan si Nikko ay mahal na mahal niya ito. Mahigit sampung taon ang agwat ng edad nila. Menopausal baby ito. Kahit mahilig silang mag-asaran ay madalas din naman silang maglambingan.

Nang matanggap siya bilang marketing assistant sa pinakamalaking telecommunications company ng bansa noong isang linggo ay pinangakuan niya ito na bibilhan niya ng latest model ng *PS2* o *Xbox*.

"Aray! Ate, wala akong sinabing ganoon. Sinabi ko, you're in deep sh*t!"

"Ah, okay." Sanay na si Nema sa ganoong salita mula sa kapatid. Sa kanya rin kasi ito natutong magmura. Sabay silang napipingot ng mommy nila kapag naririnig sila nitong nagsasalita nang ganoon. Binitiwan niya si Nikko at naupo sa kama. Nagpunas

siya ng pawis saka tumingin sa kapatid na nakatingin din sa kanya. “Bakit mo naman nasabi iyon?”

“Kasi po may mga tao sa sala. Ikaw ang pinag-uusapan. Ikakasal ka na daw!”

“What! Are you out of your mind? Paano naman ako ikakasal, eh, ni wala nga akong boyfriend. Baka naghimala na si Lord na pakasalan na ako ni Brad Pitt… pero ang alam ko ay may Angelina Jolie na siya ngayon.” Sumimangot pa siya.

“Pumunta ka kaya sa sala para malaman mo. Basta iyon ang narinig ko.”

Kahit biglang kinabahan si Nema ay dahan-dahan siyang lumabas ng kuwarto at bumaba ng hagdanan. Pagsilip niya sa sala ay nagsasalita ang kanyang ina at mukhang maluha-luha pa. Mayamaya ay tumayo ito at niyakap ang matandang lalaki na nakaupo sa isang wheelchair. Umiiyak din ang matanda nang magsalita. Kulubot na ang balat nito at maraming pekas sa mukha. Sagging na ang eyebags at jowls nito pero ang maputi nitong buhok ay makapal pa.

“Salamat. Salamat sa kapatawaran, Imelda… kahit huli na at wala na ang ama mo. Labis kong pinagsisisihan ang ginawa ko kay Pio. Siguro ngayon ay magiging maligaya na siya kung saan man siya

naroroon."

*Pio? Lolo ko iyon, ah.* Mukhang kaibigan yata ng lolo niya ang kanilang bisita, pero hindi pa niya ito nakita sa tanang buhay niya. May isang kaibigan si Lolo Pio na palagi nitong ikinukuwento sa kanya noong nabubuhay pa ito.

"Matagal na po kayong pinatawad ni Papa, Tito Andres. Ipinahahanap po niya kayo sa akin bago siya namatay, ngunit medyo kapos kami sa pera kaya hindi ko na po naituloy ang paghahanap sa inyo.

"Ang naging kahuli-hulihang bilin po sa akin ni Papa ay kung magkikita daw po tayo at hilingin n'yo na matuloy ang kasunduan ninyo ay pumayag daw ako. Huwag po kayong mag-alala, tutuparin ko po ang kanyang huling kahilingan," sagot ni Mrs. Imelda Calderon. Ang kanyang daddy na si Mr. Dencio Calderon ay tahimik lamang na nagmamasid.

*Ah, siguro nag-away sila ni Lolo.* Lalong nag-circus ang mga daga sa dibdib ni Nema nang marinig ang salitang binitiwan ng kanyang ina. May kasunduan pala ang matanda at ang lolo niya!

Pinagmasdan niyang mabuti ang tatlong tao na bisita nila—ang matandang kausap ng kanyang mommy, isang babae at isang lalaki na parang

kaedad ng kanyang mga magulang. Napakaganda ng babae kahit na medyo may-edad na. Mukha itong foreigner. Ang lalaki naman na katabi nito ay kahawig ng matanda na tinawag ng kanyang ina na 'Tito Andres.'

"Dapat sana'y kayo ni Augusto ang ipapakasal namin upang maging isang pamilya tayo, pero hindi natuloy ang kasunduang iyon dahil na rin sa naging hidwaan namin. Bukod pa sa nakilala ni Augusto si Ayesha ay nakilala mo naman si Dencio, mga taong totoong nagmamahal sa inyo.

"Ang usapan namin ay kung hindi matuloy ang pag-iisang-dibdib ninyo nitong anak kong si Augusto, ang mga apo namin ang tutupad sa aming pangarap. Marami akong naging pagkukulang at kasalanan sa ama mo, Imelda. Hayaan mong tubusin ko ang mga kasalanang iyon sa pagpapakasal ng aking apo na si Alfonso at ng apo ni Pio na si Nemencia."

Pakiramdam ni Nema ay lumuwag ang mga turnilyo niya sa ulo dahil sa narinig. **Hindi! Oh, hindi! Hindi tama ang narinig ko! Mommy, please tell that old man I will not be marrying anybody anytime soon!**

Napakapit siya sa balustre at halos manghaba ang kanyang leeg sa pagsilip sa mga nag-uusap sa

sala.

"Nema po. Nema ang palayaw ng magiging apo n'yo," nakangiting sagot ni Imelda sa matanda.

A deep feeling of betrayal overwhelmed Nema. Hindi niya napigilan ang sarili at humulagpos ang pagtitimpi sa narinig mula sa sariling ina. Hawak ang maluwag na garter ng kanyang pajama sa baywang, ang maluwang na kuwelyo ng t-shirt niya ay nakalaylay sa isang balikat at kita na ang kili-kili niya, ang buhok naman niya ay mukhang hindi pa nasayaran ng suklay nang araw na iyon, tumakbo siya sa gitna ng sala at hinarap ang matanda.

"Hindi! Ampon lang ako! Hindi ako ang tunay na apo ni Pio Badilla! At hindi ako magpapakasal kahit na kaninuman kung hindi rin lang kay Brad Pitt!"

Ang mga magulang niya at ang mag-asawang bisita nila ay nagulat sa kanyang inakto at sinabi. Bagaman mukha ring nagulat si Andres ay napalitan kaagad ang ekspresyon nito. Unti-unting sumilay ang ngiti sa mga mata nito hanggang sa umabot sa labi at naging isang malutong na halakhak.

---

Lunch break nila at wala sa mood si Nema na

makipagkuwentuhan sa mga bagong officemates niya. Nagpalipas siya ng oras sa labas ng fire escape ng top floor ng building nila. Parang *Twin Towers* ang arkitektura ng *Devera Towers*. Ang alam niya ay pag-aari ito ng mga Devera na siyang may-ari rin ng *Pursuit Telecoms*. Nasa pinakamataas na palapag ng Tower One ang opisina ng nasabing kompanya. Ang fifteen floors sa ibaba at ang buong Tower Two ay pinauupahan sa iba't ibang kompanya.

Noong second day niya sa trabaho ay natagpuan niya ang tambayan na ito. Naghahanap siya noon ng kaunting quiet time para sa sarili dahil masyadong fast-paced ang work environment niya. Sa paglalakad niya ay naisip niyang lumabas ng fire escape and she found this place. Pinapanood lamang niya ang mga parang langgam na kotse sa ibaba.

Gulung-gulo pa rin ang kanyang isip sa mga pangyayari sa buhay niya. Beinte-dos años pa lamang siya, bata pa para mag-asawa. Ngayon pa lang siya nagsisimulang mabuhay nang hindi umaasa sa mga magulang niya.

Gusto niyang maranasan ang buhay-dalaga nang matagal-tagal pang panahon. Paano siya makaka-gimmick kung mag-aasawa na siya? Paano ang kanyang mga hobbies and interests? Paano

na lang ang kanyang quest to find the elusive Mr. Right? Nai-imagine niya ang sarili na naka-duster, nangingitim ang ilalim ng mga mata, malnourished, at bitbit ang kanyang sampung anak. *Noooo!*

Mas ikinagulat niya ang naging reaksyon ni Andres Devera sa outburst niya. Akala niya noong una ay aatakihin ito sa puso kaya kaagad siyang nagsisi sa nagawa, pero ang matanda ay biglang humalakhak. Lumambot ang puso niya para rito. Naalala niya ang kanyang yumaong lolo.

Ipinakilala sa kanya ni Imelda ang matanda at ang dalawang kasama nito bilang matalik na kaibigan ng pamilya nila. Ang lolo niya at si Lolo Andres ay magkaibigan na noong bata pa ang mga ito. Ipinaliwanag ni Lolo Andres ang naging kasunduan nito at ng abuelo niya. Pinakiusapan siya nito na pumayag na sa kasunduan.

Kahit tutol ang kalooban ng dalaga ay hindi na siya muling nagsalita. Kinausap niya ang kanyang ina upang umatras ito sa kasunduan para sa kanya. Ngunit matigas si Imelda. Sa ayaw o sa gusto raw niya ay tuloy ang kasal niya kay Alfonso.

Kahit ang daddy niya na inaasahan niyang magtatanggol sa kanya ay hindi siya tinulungan. Kung ayaw ng mga itong umatras sa usapan ay

gagawa siya ng paraan upang ang mapapangasawa niya ang umatras.

Nang malapit nang mag-ala-una ng hapon ay napagpasyahan ni Nema na bumalik na sa work station niya. Marami pa siyang kailangang basahing market research studies. Pinahid niya ang luha sa mga pisngi at nagmadali na siyang bumalik sa loob ng gusali.

Nakita niya ang siyam na co-trainees niya na nag-uumpukan sa malapit sa pinto ng department nila. Nalaman niya mula kay Lea na magko-courtesy call daw sila kay Boss-Chief, ang President and CEO ng kompanya. Ang grupo nila ang hahawak ng marketing ng pinakabagong project ng *Pursuit Telecoms*, ang wireless broadband technology. Special daw ang project na ito para sa kanilang Boss-Chief kaya ninais nitong makilala ang grupo nila.

"Alfonso Devera ang pangalan ng presidente, di ba?" bulong niya kay Lea habang naghihintay sila sa reception area ng office ng Boss-Chief nila. 'Boss-Chief' na ang nakasanayang itawag ng lahat ng empleyado sa may-ari ng kompanya.

"Oo at balita ko ay bata pa daw. Mga early thirties yata. Guwapo raw. Parang artista," pabulong ding sagot nito.

Pinapasok na sila ng executive secretary ni Alfonso sa loob ng napakalawak na opisinang iyon. Moderno ang disenyo. May dalawang seating area at isang conference table sa loob bukod pa sa malaking glass office table. Nahigit ni Nema ang hininga sa view mula sa opisinang iyon. Mayroong one hundred eighty degrees glass wall panel sa palibot ng silid at makikita roon ang halos buong city.

Napatingin siya kay Lea na nakaawang ang bibig. Sinundan niya ang tinitingnan nito and her jaw also dropped when she saw Alfonso Devera. Sure, she had seen him in business and lifestyle magazines. Napansin din niya ang kaguwapuhan nito pero iyon lang. Alfonso Devera in the flesh was another matter. He was the most gorgeous man she had ever seen in her entire life!

*Whew, Boy! Goodbye, Brad Pitt. Hello, Gorgeous.*

"Good afternoon, Mr. Devera. Sila po ang mga bagong trainees who will handle the wireless broadband technology project for the marketing group," pambungad ng kanilang training supervisor na si Mrs. Corazon Tiangco.

Sa tingin ni Nema ay may foreign blood ang presidente nila. Parang may lahing Arabo ito. His deep-set jet black eyes seemed to pierce right through

them. He exuded confidence, intelligence and a hint of sensuality. He was definitely more than six feet tall. His gray business suit molded his powerful body. Ang malapad na dibdib at ang mga balikat nito ay parang kay sarap sandigan. He looked like he could protect her from the things she was running away from.

He flashed his pearly white teeth at hindi siya makapaniwala sa nakita. Mas lalo pa itong gumuwapo. His sharp eyes and whole face softened. Those sensuous lips were really something! Before, he looked like a demi-god to her but now he seemed almost human.

Naramdaman niya ang pagsiko ni Lea sa kanyang tagiliran. Napilitan siyang ihiwalay ang mga mata kay Alfonso. Nang ibaling niya ang mukha sa katabi ay ibinuka nito ang bibig pagkatapos sinarado at ipinaloob ang labi sa ngipin, sabay pikit ng mga mata. Naintindihan niya ang ibig sabihin nito. Super-papa ang Boss-Chief nila. She could not help but giggle.

"Para kayong babarilin sa Bagumbayan. I don't bite, you know," nakangiting biro ng binata. Medyo na-relax sila sa sinabi nito. Mrs. Tiangco introduced them one by one.

Mabilis silang pinasadahan nito ng tingin. Nasa

dulo si Nema ng line formation nila kaya nang dumaan ang tingin nito sa kanya ay ipinaskil niya sa mukha ang kanyang winning smile. Na-disappoint siya nang lampasan lang siya nito ng tingin; parang hindi siya nakita. Naging ngiwi ang ngiti niya. Napalunok siya nang biglang ibalik nito ang mga mata sa kanya. His look was so intense na kailangan niyang ilang beses lumunok. Ang ngiwi niya ay naging ngibit na.

Tiningnan siya nito nang tatlong segundo.

A hint of amusement flickered on his face but immediately vanished.

# 2

"Hi, Mom!" Sinalubong si Alfonso ng kanyang mama sa driveway habang pababa pa lamang siya ng kanyang black *Mercedes-Benz S600* sportscar. Hinalikan niya ito sa pisngi at kaagad na pumaikot ang braso nito sa kanyang baywang. Inakbayan niya ito at sabay silang pumasok sa loob ng mansion ng lolo niya.

Malambing talaga ang kanyang ina. Siguro ay rito siya nagmana ng pagka-touchy niya. Marami siyang nakuha sa ugali at hitsura ng mama niya kaysa sa kanyang ama.

Ang kagandahan nito sa panlabas na anyo at sa panloob marahil ang dahilan kaya na-in love ang papa niya rito kahit na magkaiba sila ng lahi. Ang mama niyang si Ayesha ay isang Saudi national, pero ngayon siyempre ay naturalized Filipino na. Nagmula ito sa pamilya ng mga oil magnates sa Saudi Arabia. Dahil na rin sa may-kaya na ang pamilya nila nang magkakilala ang dalawa kaya pumayag ang pamilya ni Ayesha na ipakasal ito kay Augusto na ama niya.

"Did you have dinner yet? Pumapayat ka yata, anak." Pinagmamasdan ng ginang ang kanyang

mukha. Bagaman may punto pa rin na parang palaging paakyat ang tono nito ay matatas nang mag-Tagalog ang babae sa loob nang mahigit tatlumpung taon na pananatili nito sa Pilipinas.

Nakangiti siyang umungot dito. "Hindi pa nga, Ma. I came here straight from the office. I was looking forward to some home-cooked meal from my lovely mother, but I have to talk to the old man first. Mukhang may mahalaga kaming pag-uusapan. Alam ba n'yo ang tungkol doon?"

Umiwas ito ng tingin sa kanya at umiling. "I'll reheat the food for you. Anak, bakit hindi ka pa bumalik dito sa bahay? Kung dito ka nakatira ay palaging masasarap ang kakainin mo."

Two years ago ay napagdesisyunan ni Alfonso na bumukod na sa kanyang pamilya at bumili siya ng condo unit sa Rockwell sa Makati. He wanted to live like a bachelor. Gusto niyang maging independent. Pumayag naman ang lolo at ama niya sa kanyang desisyon, pero ang mama niya ay umiyak nang umiyak dahil iiwan na raw ito ng baby nito. Natawa siya noon. He pointed out that he hadn't always stayed home dahil mahigit sampung taon din siyang nanirahan sa Amerika dahil sa pag-aaral niya.

"Si Mama talaga. Closed book na ang discussion

natin diyan sa topic na iyan. Si Papa at si Pop?" pag-iiba niya ng topic. Ang 'Pop' na tinutukoy niya ay ang kanyang lolo.

Malalim na ang gabi at kaya lang siya pumunta sa kanilang bahay ay dahil biglaan siyang ipinatawag ng lolo niya. He loved the old man so much at nag-aalala na rin siya sa kalusugan nito. Ang ama niya ang nag-take over sa pamamahala ng *MERCO,* ang kanilang oil company, nang mag-retire ang lolo niya. Ipinundar ng kanyang abuelo ang *MERCO* together with his grandfather from his mother's side.

Andres was not the young man he used to be at kaunting kapritso nito sa kanya ay pilit niyang ginagawan ng paraan upang mapagbigyan ito. The old man had given him everything he got today and he deserved to be pampered in his advanced years.

Alfonso was able to study in one of the best schools in the US and when he finished his MBA at *UCLA*, he went back to the Philippines and formed *Pursuit Telecoms* nine years ago. He borrowed capital from his grandfather at ilang taon lang ay may ROI na siya. *Pursuit* was the biggest telecoms company in the Philippines these days.

Alam niyang proud ang ama at lolo niya sa nakamit niyang tagumpay. At his age of thirty-three,

he was already named Businessman of the Year just last year.

May pag-aalala sa mukha ng kanyang ina habang hinahaplos nito ang pisngi niya. “Your father is going to be home anytime now and your grandfather is in the library. He’s waiting for you and he wants to talk to you about something. Just remember that whatever your decision is, I will support you. Sige na. Go upstairs and talk to your lolo.” Itinulak na siya ng ginang paakyat sa grand staircase na ginto ang pintura ng balustre.

Nasa left wing ng bahay ang library cum study ng lolo niya. Marahan niyang binuksan ang pinto and he saw his grandfather writing something on his desk.

“Pop?” Niluwangan niya ang bukas ng pinto at pumasok sa loob ng library.

Ngiti ang naging bati nito sa kanya. His grandfather’s eyes twinkled upon seeing him, but Alfonso could see an underlying worry and tension in it. Hinalikan niya ito sa pisngi at naupo siya sa sofa na malapit na desk nito.

“Apo, hindi ko naman inilihim sa iyong ipinahanap ko sa private investigators si Pio, iyong

matalik kong kaibigan na nagawan ko ng malaking kasalanan…” Tumigil sandali si Andres at nang tumango siya ay nagpatuloy ito.

“Well, I sort of found him. He passed away three years ago and I thought it was too late to ask for his forgiveness. Pumunta ako sa bahay ng anak niyang si Imelda at laking tuwa ko nang malaman kong matagal na akong pinatawad ni Pio.”

Tumango lamang ulit si Alfonso. Ilang beses na nilang napagkuwentuhan ang tungkol sa pagkakaibigan nito kay Pio, kung paano nagkasira ang dalawa at kung paano nagsisisi ang lolo niya.

“Apo, gusto kong magbayad ng kasalanan.”

“Opo naman, Lolo. Magkano ba ang gusto n’yong ibigay natin sa kanila? Gusto n’yo bang bigyan natin sila ng stocks ng *MERCO* or *Pursuit*? O ipagtayo natin sila ng negosyo? Just tell me and I’ll do everything for you.”

Nagtaka siya nang iabot nito sa kanya ang isang folder. Kinuha naman niya iyon at bumalik ulit sa sofa.

“Hindi matutumbasan ng kahit na anong salapi ang kapatawaran na ibinigay ng pamilya ni Pio sa akin. Gusto kong tuparin ang pangarap namin ng

kaibigan ko na maging isang pamilya."

Sumikdo ang puso ni Alfonso sa narinig. May ibig sabihin ang lolo niya. Pilit niyang iwinawaksi sa isip ang ideyang pumasok doon.

*Hindi. Hindi puwede iyon. Hindi puwedeng hingin ni Lolo sa akin iyon!* giit niya sa isip.

"Buksan mo ang folder, apo. Gusto ko sanang magpakasal kayo ng apo ni Pio."

Nanlambot ang binata sa narinig. Siya pala ang iniisip ng lolo niya na pambayad-utang. Ang buhay niya. Alam niyang hindi niya magagawang tanggihan ang matanda sa kahilingan nito kahit naghuhumiyaw ang utak niya na suwayin ang kagustuhan nito. Hindi naman siya ang nakipagkasundo. Bakit kailangan pang siya ang madamay?

Ngunit pipi si Alfonso pagdating sa mga ganitong reklamo ng utak niya. Hindi niya kayang gawin iyon sa lolo niya. He loved his old man too much. He respected him a lot.

Nanginginig ang kamay na binuksan niya ang folder. Isang picture ng babae ang bumungad sa kanyang mga mata. This woman would change his life forever. Nanlaki ang mga mata niya sa nakita. The girl who deserved a second look. At ang babaeng

iyon ay walang iba kundi ang trainee na ipinakilala sa kanya kanina lamang sa office niya. Si Nema!

"B-but, Pop… I know her. She works for me!" bulalas niya. Napatingin siya sa abuelo at may ngiti siyang napansin sa mga labi nito.

"So, you've already met her. Isn't it a nice coincidence to know that Nema is working for you? Talaga yatang gumawa ng paraan si Pio para magkakilala kayong dalawa."

Ibinalik niya ang tingin sa larawan ni Nema. When he saw her earlier, nilampasan lamang niya ito ng tingin pero napansin niya ang ridiculous smile na nasa labi nito kaya ibinalik niya ang tingin dito. He wanted to laugh out loud.

Obvious na nagpapa-impress ang babae dahil ipinaskil nito sa mukha ang brightest smile nito. Nang hindi siya mukhang na-impress dito ay napangiwi ito. Nang mapansin nito na nakatingin siya muli rito ay naging ngibit ang ngiwi nito.

He was fascinated by the changes in her expression. Here was a girl na ipinapakita ang lahat ng emosyon sa mukha. Hindi kagaya ng ibang babae na palaging nakapaskil ang mga pekeng ngiti just to please him.

Her looks were somewhat ordinary except for her eyes and lips which gave character to her face. Her eyes had the doe-eyed look. Napakainosenteng tingnan. It was almost hazel brown in color. Her lips had a slight pout and just lusciously red. Upon closer inspection, na-confirm niya na hindi lipstick ang dahilan ng kapulahan niyon.

But mainly, it was the expression on her face that really caught his attention. She exuded confidence and in a split second, uncertainty.

Unti-unti ay napangiti si Alfonso. Maybe it was not too bad to get married after all. He was an eligible bachelor and it was high time to give his lolo an apo sa tuhod.

When he looked up at Lolo Andres, he could see the merriment in his eyes. The old man was still as sharp as ever.

Sabay silang napahalakhak.

---

Alfonso was trying to think of a best way to approach Nema. Hindi siya mapakali kanina pang umaga. Ang concentration niya ay biglang nawawala tuwing maaalala niya ang napag-usapan nila ng kanyang lolo. Natatawa siya sa description ng abuelo

kung paano nag-react si Nema nang malaman nito ang tungkol sa kasunduan. Simula nang makita niya ang picture ng dalaga ay hindi na siya nahirapang tanggapin ang desisyon ng lolo niya na pakasalan ito.

He was walking along the corridor when he saw Nema walk out of the fire escape. Napakunot ang noo niya. Ano ang ginagawa nito roon? Naglakad siya palapit dito pero hindi siya nakita nito dahil lumiko na ito sa isang corridor bago pa man siya makalapit. He decided to indulge his curiosity and see for himself kung ano ba ang mayroon sa fire escape na iyon.

Alfonso saw nothing ordinary. The view was better in his office. Siguro ay gusto lang mapag-isa ni Nema kaya pumunta ito roon. Napagpasyahan niyang bumalik na sa opisina at ipatawag na lamang ang babae.

---

"Ang saklap naman ng life!" Bumuntong-hininga pa si Lea pagkasabi noon. Parang pinagsakluban ito ng langit at lupa kaya hindi naiwasan ni Nema na mag-alala.

"Ano'ng problema mo?" tanong niya sa kaibigan.

Sila ni Lea ang naging close simula pa lamang ng training. Nagkasabay kasi sila ng interview at nagkapalagayang-loob na agad noong time na iyon. Kaya nang magkita silang muli sa unang araw ng trabaho nila ay parang matagal na silang magkakilala.

Fresh graduate din itong katulad niya. Pareho silang Mass Communication ang natapos. First job nila pareho ito. Laking pasalamat niya na natanggap siya sa *Pursuit*. Mahirap nang maghanap ng ganito ka-stable na kompanya sa panahon ngayon. Kahit na nga may masasabi siyang trabaho sa pagsusulat ng children's story ay hindi naman niya maaasahan ang kinikita niya roon. Hindi siya makapag-full-time sa pagsusulat dahil ayaw niyang maging pabigat sa magulang niya. Si Nikko kasi ay nasa elementary pa lamang. Malaki ang maitutulong niya sa pamilya niya ngayong malapit nang mag-retire ang kanyang ama sa government service. Ang mommy niya ay isang guro at mga sampung taon pa ang kailangan nitong makompleto sa pagtuturo bago mag-retire.

Hindi naman masasabing mahirap sila pero hindi madali ang buhay. Alam niya ang mga sakripisyo ng magulang niya upang mapagtapos siya ng pag-aaral. Ang dalawang palapag na bahay na tinitirahan nila ay nabili ng yumaong lolo niya sa natitira nitong

pera mula sa nalugi nitong negosyo. Ang kuwento ng mommy niya ay mayaman daw sila dati kaya nga lamang ay minalas ang lolo niya simula nang magkagalit ito at si Lolo Andres.

Habang sila ay pahirap nang pahirap ang buhay, ang pamilya naman ni Andres ay payaman nang payaman. Ipinagtataka niya iyon. Kung talagang magkaibigan ang dalawa, dapat sana ay tinulungan nito ang lolo niya. Ngayon ay bigla itong susulpot, hihingi ng tawad at saka ipipilit na ipakasal siya sa apo nito. Tama ba naman iyon?

Si Imelda ay kaagad na napapayag dahil iyon daw ang huling habilin ng lolo niya. Kung sa kanya rin lang, wala na ang kanyang abuelo para malaman pa na hindi tutupad sa usapan ang mommy niya.

Anyway, kilala ni Nema ang sarili. Resourceful siya. Makakagawa siya ng paraan para hindi matuloy ang kasalan na hindi dapat maganap. Ngayon pa lamang ay pinaghahandaan na niya ang pagkikita nila ng kanyang husband-to-be.

Napabuntong-hininga siya. Hindi niya kayang sabihin ang problema niya kay Lea dahil hindi naman sila ganoon ka-close. Parehong nagmukhang sambakol ang mga mukha nila sa kani-kanyang iniisip.

"Bakit naman nagkaganyan din ang mukha mo? Alam mo na rin ba ang tsismis?" pukaw ng kaopisina. Magkatabi sila ng work station kaya madali para sa kanila ang magdaldalan.

"Ang ano?" nakakunot niyang tanong.

"Si Boss-Chief daw ay may girlfriend na, and do you know who it is?"

Nanlaki ang mga mata ni Nema sa narinig. Umiling siya. Juicy ang gossip ni Lea. Aminado siyang kagaya rin siya ng ibang babae sa office nila. She was also a member of the Alfonso Devera Fan Club.

"Si Tarrah Taus, 'yung head ng sales department."

Nema slumped on her chair when she heard who the lucky girl was. Napakaganda ni Tarrah Taus at alam niyang wala siyang panama rito. Spanish mestiza ang beauty nito.

"Reality bites talaga, ano? Ang guwapo ay napupunta talaga sa maganda. Ang mayaman para sa mayaman. Ang artista para sa artistahin rin," aniya. Hindi naman siya masyadong umasa na magugustuhan siya ni Alfonso dahil isa lang siyang hamak na empleyada.

"Amen. Pero ang sakit! Ang sakit-sakit!" Pang-*FAMAS* ang acting ni Lea. Kulang na lang ay mangilid ang luha nito. Tinatampal pa nito ang dibdib habang sinasabi iyon kaya natawa siya.

Hawak na niya ang tiyan dahil sa katatawa nang bigla siyang talikuran ng babae at humarap sa computer nito. Sa ilalim ng mesa ay tinadyakan siya nito.

"Aray! Ang laki naman yata ng galit mo sa akin," nagtatampong sambit ni Nema.

Minulagatan siya nito at ngumuso.

"Hindi naman ako ang bruhang nang-agaw ng boyfriend-to-be mo—" Naputol ang sinasabi niya dahil lalong nanlaki ang mga mata nito, hinawakan ang kanyang dalawang pisngi nang mahigpit kaya umusli ang kanyang labi saka siya pinaikot sa kanyang swivel chair.

Kusang bumagsak ang kanyang baba sa nakita. Si Alfonso ay nakatayo sa likod ng divider na hanggang dibdib nito sa work station niya. Mukhang amused na amused ito. Si Lea rin ang nagsara ng kanyang bibig. Napalunok siya.

"B-Boss-Chief?" Tumayo si Nema at muling napaupo nang lumapad ang pagkakangiti ni Alfonso.

Kinapa niya ang kanyang mukha dahil parang may nakikita itong kakatwa roon. Baka may dumi or something.

"Nema, how are you doing?" nakangiti pa rin nitong tanong.

"I... I'm doing great, Boss-Chief." Nautal siya sa pagsagot dito dahil parang may nais ipahiwatig ang mga mata nitong nakatitig pa rin sa mukha niya.

Naiilang na siya dahil mukhang wala itong balak umalis sa tapat ng work station niya. Hindi naman ito nagsasalita; basta nakatingin lang sa kanya. Lumalapad ang ngiti nito sa bawat segundong nakatanghod sa kanya.

*Ano ba ako, TV na pinapanood? Mas weird pa pala ito kaysa sa akin!*

"Alfonso!" Sabay silang napalingon sa babaeng tumawag ng pangalan nito—si Tarrah. "I've been looking for you. Dumaan ako sa office mo and your secretary told me that you're here nga. It's time for lunch. Come on…" patuloy pa nito habang naglalakad papunta sa binata.

"Hi, everybody! I'm here to take the boss to lunch," bati nito sa kanila. Ang braso nito ay nakaabrisete na kay Alfonso at unti-unting hinihila

ang lalaki. Tinapunan lang siya ng tingin at ngiti ni Alfonso at sumunod na sa babae.

Nang nakalabas na ang dalawa ay inulan siya ng kantyaw ng mga kasama niya. Hinagilap niya ang salamin sa mesa. Kanina pa kasi siya nangangating tingnan ang mukha niya. Ano kaya ang nakita roon ni Alfonso na nakakatawa?

"Uuy, mukhang na-mesmerize sa beauty mo si Boss-Chief!"

"Ano ba'ng sekreto mo at parang nabatubalani si Boss-Chief sa iyo? Share naman diyan, o."

Hawak ang salamin na tumayo si Nema. "Sabihin n'yo nga. Ano ba'ng nakakatawa sa mukha ko?"

Lalong lumakas ang panunukso sa kanya. "Uuy, conscious!"

Si Lea naman ay tawa lang nang tawa. "Sinabi ko na nga ba, eh. May crush sa iyo si Boss-Chief. Kung makatitig, ang lagkit!"

Hindi mapigilan ni Nema na tumaba ang puso sa narinig pero ayaw niyang mag-ilusyon. Kinapa niya ang dibdib sa nararamdaman at parang nagseselos siya kay Tarrah gayong wala naman siyang karapatan.

Mahirap talagang mangarap nang gising.

“Tigilan n’yo nga ako. Nakita ninyo na ngang sinundo ng girlfriend niya si Boss-Chief, ’tapos ganyan pa kayong mang-asar. Gutom lang iyan!”

# 3

Padaskol na binubuklat ni Nema ang mga pahina ng *Afterglow* magazine habang nakaupo sa sofa sa sala. Ang buong araw niya ngayong Sabado ay inukol niya sa pakikipagdiskusyon sa mommy niya upang huwag nitong ituloy ang pagpapakasal niya sa apo ni Lolo Andres.

Pero matigas pa rin ang ginang kahit na sinabi na niya ang kanyang mga rason para hindi maisakatuparan ang balak ng mga ito.

Unang rason: Twenty-first century na ngayon at hindi na uso iyong arranged marriages. Katuwiran ng kanyang ina: Hindi naman daw talaga ito nakikiuso.

Pangalawang rason: Itatakwil niya ang mga ito bilang magulang niya. Wa-epek pa rin. Siguro ay alam ng mga ito na hindi niya kayang gawin iyon.

Pangatlong rason: Paano kung wife-beater pala iyong apo ni Lolo Andres at matagpuan na lamang nila ang kanyang malamig na bangkay na lumulutang sa Ilog Pasig? Binatukan lamang siya ng ina.

Pang-apat na rason: Paano kung nagpakasal nga siya pagkatapos ay makita niya ang Mr. Right niya?

Ang hirit ng kanyang ina, alam daw ba niya kung sino at ano ang right guy para sa kanya? Ni hindi pa nga raw siya na-in love kahit minsan.

Dahil sa sobrang frustration, inis na iniwan niya ang kanyang ina sa kusina.

Katabi ni Nema sa sofa ang kanyang ama at nanonood ng TV. Hindi man lang siya nito tinutulungan upang mabago ang desisyon ng mommy niya.

Ipinikit niya ang mga mata at huminga nang malalim. Worrying about it now would only give her wrinkles.

"Breathe…" utos niya sa sarili habang tinitingnan ang magazine sa kandungan niya. Naka-Indian sit siya sa isang single seater sa kanilang sala. Manipis na sando at shorts na maikli ang suot niya.

Nanlaki ang mga mata niya nang mapatapat siya sa Afterglow Quiz of the Month. Binasa niya ang introduction.

*The Perfect (For You!) Boyfriend*

*You have been looking all over for him but still he has been elusive. Or maybe not. Maybe you're just looking for him in the wrong places. Take this quiz and find out who's really right for you. For each question, circle the response that really pushes your buttons.*

May kung anong excitement ang humagod sa kanyang gulugod kaya nagmadali siyang humanap ng ballpen para masagutan na iyon. Gusto na niyang malaman kung sino ang perfect guy for her. *This is it, chiz it!* Kung sinuman ang maging resulta sa apat na klase ng lalaki—Johnny Be Good, Johnny Preppy, Johnny Rebel o Johnny Mystery, hahanapin niya ito upang hindi matuloy ang pagpapakasal niya.

Mabilis na sinagutan ni Nema ang quiz at nang matapos na niya ay excited niyang sinuma ang points sa kaukulan niyang sagot. Six points. She flipped the page para malaman na niya kung sino ang Mr. Right niya. Ngunit hindi pa man niya nasisimulang basahin iyon ay humahangos na dumating sa sala si Imelda.

"Nema! Magbihis ka! Nasa labas ang Lolo Andres mo at kasama ang mapapangasawa mo." Narinig

nila ang mahihinang katok sa pinto at pinihit na ng mommy niya ang seradura upang papasukin ang mga bisita nila.

Bumungad si Lolo Andres. Nag-panic siya. Hindi niya alam na darating pala ang mga ito. Ipinatong niya ang magazine sa ibabaw ng coffee table. Pinag-ekis niya ang mga braso sa kanyang dibdib dahil wala siyang suot na bra at nakabakat iyon sa manipis niyang sando. Patalilis siyang umakyat sa kanyang kuwarto.

---

Muntik nang mapatawa nang malakas si Alfonso nang makita si Nema na nanlaki ang mga mata at pinag-ekis ang mga braso sa dibdib. Halatang nahintakutan ito nang marinig na naroon na sila. Hindi man lang sila binati nito bago ito tumakbo paakyat ng hagdanan.

Ang tanging nagawa niya ay ang sundan ito ng tingin. He was really trying hard not to laugh out loud. Hindi rin niya maintindihan ang sarili dahil sa tuwing makikita niya ito ay hindi niya mapigilan ang ma-amuse dito.

Dumaan siya sa department nito noong nakaraang araw just to get a good look at her. Gusto

niyang matitigan nang husto ang magiging asawa niya. May isa pa rin siyang purpose sa pagpunta roon. Balak sana niya itong kausapin tungkol sa pagpapakasal nila, pero para siyang engot na tumitig lang dito. He became fascinated with the expressions that flitted across her face habang nakatingin siya rito.

She was like a clear glass of water. Lahat ng emosyon ay makikita sa mukha nito and he found it truly refreshing and fascinating. Alam niyang nagmukha siyang love-struck puppy pero wala na siyang pakialam. Malalaman din ng lahat ng mga empleyado sa lalong madaling panahon na magpapakasal na sila ni Nema.

Buong pamilya silang nagtungo sa bahay ng mga Calderon upang magkakilala na sila ni Nema at mamanhikan na rin. Ipinapasok na niya sa driver at bodyguard nila ang sari-saring pagkain at gamit na dala nila. Sinabi ng lolo niya ay tradisyon daw iyon kapag namamanhikan.

"Pasensya na po kayo sa anak ko. Hindi po kasi siya nakapagbihis dahil hindi ko sinabi sa kanya na darating kayo. Baka kasi matakasan ako kapag inabisuhan ko siya. Hindi naman po lihim sa inyo ang disposisyon ng anak ko. May pagka-immature at

childish kung kumilos," nahihiyang sabi ng mommy ni Nema.

"Walang anuman iyon, Imelda. Kasama na namin nina Augusto at Ayesha ang apo kong si Alfonso. Apo, magmano ka sa kanila."

Tumalima ang binata. "Magandang gabi po."

"Aba! Napakaguwapo naman pala nitong apo ninyo. Tiyak na magugustuhan ito ni Nema. Daddy, tawagin mo na ang batang iyon. Kung naka-lock ang kuwarto ay gibain mo na," ani Imelda. "Upo muna kayo," magiliw nitong dugtong.

Naupo si Alfonso sa sofa at napansin niya ang isang pambabaeng magazine na nakabukas sa pahina ng *The Perfect (For You!) Boyfriend* sa ibabaw ng coffee table. Lihim siyang napangiti nang makita ang mga bilog sa letra ng choices para masagot ang tanong. Si Nema siguro ang nagsasagot niyon dahil nakita niya ang pagbaba nito ng magazine kanina at may ballpen pang nakasingit doon.

He quickly browsed through it and added up the score. Nangangati na siyang ilipat ang pahina para makita na ang resulta. Hindi siya ang tipong nagbabasa ng ganoong magazine. He read newspapers, business and sports magazines.

Pero gusto talaga niyang malaman kung ano ang tipong lalaki ng dalaga kaya pasimple niyang inilipat ang pahina. May kaukulang puntos ang apat na klase ng lalaki. Sa kuwenta niya, six points ang nakuha ni Nema. Tiningnan niya ang katumbas niyon.

*6 to 10 points: Johnny Preppy*

> *Johnny Preppy means Power with a capital P. You fall fast and hard for the preppy man. He is the 'Super Successful Guy' who will give you whatever you want including himself. He is intelligent, decisive and goal-oriented. He is relentless in going after the things that he wants and you can bet it's you.*

Samakatuwid ay ito ang tipong lalaki ni Nema dahil six ang total points nito. Hindi na niya pinagkakaabalahang basahin ang iba pang klase ng lalaki.

May naramdaman siyang kakaibang tuwa sa dibdib niya dahil parang siya ang dini-describe

ng magazine na *Johnny Preppy*. Binasa niya ang deskripsyon para higit niyang maunawaan.

Alfonso tried to control his grin. Ang deskripsyon ni *Johnny Preppy* ay tamang-tama sa personality niya. Nahahawa na yata siya sa childishness ni Nema. Hindi siya ganito dati. He was not the uptight kind of guy but he usually takes things seriously. He was serious about his business, cool and casual with girls, easy to please with his friends, and a loving son and grandson to his family. Napapansin lamang niya na simula nang makilala niya si Nema, he became more light-hearted. Parang ang daling ngumiti.

Naulinigan niya ang boses ni Nema mula sa itaas ng bahay. Nakikipagdiskusyon ito sa ama.

“Dad, hindi ako magpapakasal sa kanya kaya hindi ko kailangang bumaba. Saka, ang bata-bata ko pa. Sariwang-sariwa! ’Tapos, ipapakasal ninyo ako sa isang matandang binata!” anang boses ni Nema. Sabay-sabay silang napatawa sa narinig. Ang mommy naman ni Nema na naghahain ng juice ay namula ang mga pisngi.

“Nemencia, tigil-tigilan mo nga ako sa pamimilosopa mo. Basta bababa ka kasama ko kahit na ganyan ang suot mo. Halika na!” matigas na sabi ni Dencio.

Nadinig niya ang pag-angal ng dalaga. "Dad, teka lang! Wala akong bra!"

Suddenly, Alfonso felt a little hot. Na-imagine niya ang hitsura nito sa puting sando na walang bra. Her pert breast jutting out. He felt himself getting aroused with just that thought.

Makalipas ang ilang minuto ay bumaba si Nema na inaakbayan ng ama nito. Halatang napipilitan lamang itong makiharap sa kanila. Alfonso was disappointed that she had changed into a dress. He was hoping to see her in a white sando with nothing underneath.

Nakatungo ito nang lumapit sa kanila. Ni hindi pa siya nito tinatapunan ng tingin.

"Magmano ka sa Lolo Andres mo," utos ni Dencio na ginawa naman ng dalaga. "Pati na rin sa Papa Augusto at Mama Ayesha mo," utos pa rin nito.

Natapos ang pagmamano nito at pakikipagkamustahan ay hindi man lang ito tumingin sa gawi ni Alfonso. Marahil ay dahil nakapuwesto siya sa bandang likuran nito.

He was anticipating how she would look when she realized that it was him they wanted her to marry.

*Oh, boy! This is gonna be interesting!* He felt the sudden urge to rub his palms together and lick his lips, pero pinigil niya ang reaksyong iyon dahil ayaw niyang magmukhang hayok. He contented himself with a cheshire grin.

Babalik na sana si Nema sa tabi ng ama nito nang magtama ang kanilang mga paningin. Nanlaki ang mga mata ng dalaga; umawang ang mga labi. Ipinikit nito nang mariin ang mga mata, saka muling iminulat. Umiling ito saka pumikit ulit nang mariin at nang ibukas nito ang mga mata.

"No way!" she said loudly.

Ngumisi si Alfonso at ang tangi niyang sagot dito ay: "Yes way!"

# 4

Habang nakaupo sa kanyang work station, pinipigil ni Nema ang sarili na magwala. Ayaw niyang makagawa ng ingay at maging center of attention. Nanggigigil na siya talaga sa frustration.

Noong Sabado ng gabi pagdalaw ng pamilya ni Alfonso sa kanila ay inihanda na niya ang kanyang speech para hindi matuloy ang kasalan nila. Dahil sa matinding pagkabigla na ang boss pala na pinagnanasaan niya ang kanyang magiging asawa, hindi na niya nasabi ang dapat sabihin.

So many thoughts were racing through her head at light speed. Bakit si Alfonso? Bakit ito pumayag na magpakasal sa kanya? Hindi sila puwedeng magpakasal dahil girlfriend nito si Tarrah.

Pero bakit mukhang excited pa ang binata habang pinaplano ng matatanda ang kasal nila? Alam na ba nito noong una pa lang silang magkita na siya ang babaeng nakatakdang magpakasal dito?

Hindi porque type niya ang kanilang boss-chief ay pakakasalan na niya ito! Hindi porque mas gorgeous ito kay Brad Pitt ay pakakasalan na niya ang

lalaki! Hindi porque guwapo, mayaman, matalino at nag-uumapaw ito sa sex appeal ay pakakasalan na niya ang Alfonso na iyon!

Ilang beses niyang ibinuka ang bibig niya para magsalita pero walang lumabas na salita mula roon. Parang naputulan siya ng dila. Lolo Andres took her silence as agreement with the marriage. Sa isip ay gusto niyang bulyawan ang mga ito.

*Who are you to ruin my life? Who are you to take away my dreams? Who are you to decide what's right or wrong for me?* Pero nanatili ang mga himutok niya sa isip hanggang umalis na ang mga bisita.

Hindi sila nagkasarilinan ni Alfonso kaya hindi niya ito nakausap. Buong magdamag at araw ng Linggo ay nanatili lamang siya sa kuwarto. Pinipilit niyang tapusin ang kuwento ni *Mimi Meow-meow* at *Dagul Aw-aw*, ang kuwentong pambata na nasimulan na niyang isulat, pero palaging sumasalit sa kanyang isip ang napipintong pagpapakasal sa boss niya. Nag-iisip siya kung ano ang pinakamagandang paraan para hindi matuloy ang kasalan.

Napagpasyahan niya na kausapin si Alfonso. Baka naman kasi hindi rin nito gustong magpakasal at napipilitan din lamang. Kung mag-combine ang forces nila, tiyak na magagapi nila ang mga kalaban.

Tumayo si Nema at nagtungo sa opisina ng lalaki. Desidido siyang kausapin ito. Ikinasa niya ang kanyang plano. Naka-ready for battle mode na siya.

Pagdating niya sa opisina ni Alfonso ay kaagad siyang pinapasok ng sekretarya nito. Kanina pa raw siya hinihintay ng boss nila. Para siyang susuong sa giyera pagpasok niya sa opisina nito.

Nakaupo ang binata sa likod ng mesa nito. Ang ulo ay nakayuko sa mga pinipirmahang papeles. Napatigil si Nema sa gitna ng opisina. Hinintay niyang pansinin siya ng binata. Despite herself, she could not help but admire the man behind the desk. Parang ang bango-bango nitong tingnan…

*Magtigil ka nga, Nemencia! Masamang pagnasaan ang kaaway!* pagalit niya sa sarili.

Isang minuto siguro siyang nakatayo roon, pero hindi man lang nito iniangat ang ulo at paupuin siya. Kanina pa raw siya hinihintay, pagkatapos….

*Grr!* Hindi na niya napigilan ang sarili. Tumikhim siya nang malakas para makuha ang atensyon nito.

Saka pa lamang tumingin sa kanya ang lalaki. “Hi!” bati nito. Nakangiting lumapit ito sa kanya. Napapitlag siya nang maramdaman ang kamay nito

sa siko niya. Ang init ng palad nito at tama si Nema. Ang bango-bango ng binata!

Iginiya siya nito sa isang seating area. Naupo siya at tumabi ito sa kanya. Nailang siya sa pagkakadikit ng mga hita nila dahil ang init mula sa katawan nito ay nagdadala ng kakaibang init sa katawan niya. Parang gusto niyang pagpawisan nang malamig.

Umusod siya nang kaunti palayo. Ang mga binti naman nito ay lalong bumuka at nakadikit pa rin ang hita nito sa kanyang hita. Huminga na lang siya nang malalim. Baka mahalata ni Alfonso ang pag-iwas niya kaya hindi na lang siya umalis sa puwesto.

Humarap siya rito at tumingin nang derecho sa mga mata nito. Nakangiti naman ito at mukhang good mood kaya naglakas-loob siya. Tumikhim ulit siya saka nagsalita. “Boss-Chief…”

“I think we’re way past that. Stop calling me ‘Boss-Chief.’”

“W-what should I call you?” nalilitong tanong ni Nema. May ganoong effect ang lalaking ito sa kanya. Nabobobo siya kapag malapit ito sa kanya. Hindi siya mapalagay.

Ipinatong nito ang hintuturo sa baba at mukhang nag-isip. “You can start calling me honey, sweetheart,

darling or whatever endearment you like."

Nanlaki ang mga mata niya. Hindi iyon ang inaasahan niyang sagot mula rito. Nakukuha pa nitong magbiro gayong in crisis na nga silang dalawa. Lalo siyang nalito when he threw back his head and laughed.

"P-pero, Boss-Chief…" walang tapang niyang protesta.

Lalo siyang nalito nang biglang sumeryoso ang mukha ni Alfonso at parang nagalit sa kanya. "Ano'ng sinabi ko? Di ba Honey, Sweetheart or Darling lang ang puwede mong itawag sa akin?"

Napatango na lang siya. 'Hoy' na lang ang itatawag niya rito. Mayamaya ay ipinatong nito ang braso sa ibabaw ng backrest ng sofa, para tuloy itong nakaakbay sa kanya. She began to squirm in her seat. Napaigtad siya nang maramdaman ang dulo ng daliri nito sa leeg niya.

He started to trace her neck with his fingers. May kiliting humagod sa kanyang likod. Nag-init ang mukha niya. Her stomach clenched in response. May apoy na nagsindi sa kaloob-looban niya. Bumigat ang talukap ng kanyang mga mata; umawang ang mga labi. Nahihirapan siyang huminga. And then

she felt his warm lips caress hers.

Doon siya parang binuhusan ng malamig na tubig. Muntik na niyang makalimutan ang sadya niya. Bigla siyang tumayo at humarap dito. Namaywang siya. She was spitting mad. How dare he do that to her? He wasn't even her boyfriend!

"Hoy! This is sexual harassment! I am still your employee. You can't just do that!"

"I am not just your employer. I am also your fiancé so I can do whatever hell I want with you." Sumandal nang tuluyan si Alfonso sa couch. Ang dalawang braso nito ay ipinatong sa ibabaw ng backrest.

Mabilis na nag-isip si Nema. Pinilit niyang tanggalin ang galit sa mukha.

"Iyon nga po ang ipinunta ko dito. Kasi baka naman puwedeng kayo na lang ang umatras sa kasal natin. Ang lolo n'yo naman ang may pakana nito."

Tumaas ang isang kilay nito sa sinabi niya. "Now, why would I do that? Give me one valid reason."

"Because we don't know each other."

"We can start getting to know each other now," balik nito.

“Ang tatanda na natin para sa isang arranged marriage.”

“Who’s old? I’m not that old. I’m only thirty-three.”

“Committed ka sa isang relationship. Ganoon din ako.” *Relationship with God*, dagdag niya sa isip.

“Nabasa ko sa report na wala kang boyfriend. Never had a boyfriend. Kaya huwag kang magsinungaling.”

Hindi na siya nabigla sa sinabi ni Alfonso. Alam niyang pinaimbestigahan siya at ang kanyang buong pamilya ni Lolo Andres kaya nahanap sila ng mga ito. Nasusukol na siya. Nauubusan na siya ng dahilan. Lahat ng sabihin niya ay may counter-argument ang loko. Naalala niya iyong resulta ng quiz sa *Afterglow Magazine* na *The Perfect (For You!) Boyfriend* kung saan lumabas na si *Johnny Preppy* ang right guy para sa kanya. Even though Alfonso fits the bill of *Johnny Preppy* perfectly pero hindi naman iyon alam ng lalaki.

“You’re not the right guy for me according to the magazine I read,” naiinis niyang banat. Lalo siyang nainis nang lumapad ang pagkakangiti nito.

“Are you sure? You scored six points, right? Ako

si *Johnny Preppy*. Ako ang Mr. Right mo."

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Paano nito nalaman? Natampal niya ang noo. She did not bother to hide her disappointment. Maaaring nabasa nito ang magazine dahil naiwan niya sa coffee table noong nagpunta ang mga ito sa kanilang bahay noong Sabado. Huminga siya nang malalim. One last hurrah.

"We don't love each other."

Makahulugang ngiti ang sagot ng kausap sa kanya. "We'll get there. Pero ngayon let me make one thing clear, we are getting married in six months' time."

Ipinadyak niya ang paa. Naiiyak na siya sa inis at frustration. Wala na talaga siyang maisip na argumento dahil ubos na ang bala niya kaya kung ano na lang ang inihirit niya.

"Ganyan ba talaga katigas ang ulo ng pamilya n'yo? Let me make this clear also. Hindi kita type. Paano kita magugustuhan, eh, ni hindi ka yata naliligo. Siguro sa pabango ka lang naliligo kaya ang bango-bango mo! Siguro puro libag na iyang kilikili mo dahil hindi ka nagsasabon!"

Tumayo ang lalaki. Akala niya ay nagalit ito

dahil hindi na niya napigilan ang madulas niyang bibig. Nagulat siya nang pumaikot ang braso nito sa baywang niya at hinigit siya palapit. Napasinghap siya nang maglapat ang mga dibdib nila. Ang mga kamay niya ay naipatong niya sa magkabilang balikat nito. Naipikit niya ang mga mata.

He's so warm… Ang nakakakiliti nitong hininga ay naramdaman niya sa kanyang tainga. Even his breath was so…

"So, you think I smell good, huh?" bulong ni Alfonso. Napalunok siya. Gumapang ang labi nito mula sa kanyang tainga patungo sa kanyang pisngi hanggang marating nito ang labi niya. Their lips were barely touching. They were just staring at each other.

Kumibot ang mga labi ni Nema and she felt the lightest brush of their lips. Napalunok siya. She darted out her tongue to wet her parched lips. She saw Alfonso's eyes follow the path of her tongue.

Biglang nabasag ang konsentrasyon nila nang may nagsalita sa intercom. Sing-bilis ng kidlat na itinulak niya ang lalaki.

"Boss-Chief, Miss Tarrah Taus is on line one. Shall I put her through?"

Nanginginig ang kamay na natutop ni Nema ang bibig. Ano ba itong nagawa niya? Walang paalam na tumakbo siya palabas ng opisina ni Alfonso. Isa lang ang naisip niyang puntahan—sa fire escape.

Doon niya hinayaan na pumatak ang luha niya. Puno siya ng pagsisisi. Hindi niya dapat ginawa iyon. What was she thinking? Nabulilyaso tuloy ang plano niya. All she wanted was to talk to him. But they ended up almost kissing each other. Pathetic, isn't she?

Para kasing namagneto siya kay Alfonso. Kapag tinitingnan siya nito ay parang nawawala siya sa sarili. Napahikbi siya.

Mayamaya ay pinahid ni Nema ang luha. Walang magagawa ang pag-iyak niya. Umaandar ang panahon na wala siyang nagiging progress to achieve her goal. Ang nangyari sa kanila ni Alfonso ay isa lamang glitch sa plano niya. Sisiguruhin niyang hindi na muling mauulit iyon.

---

Plano niya sanang sundan kanina si Nema dahil mukhang nabigla ito sa nangyari sa kanilang dalawa. Pero nagbago ang isip ni Alfonso dahil nakita niya itong lumabas sa fire escape. Hahayaan na muna

niya itong mag-isa.

Kahit siya man ay nabigla rin sa init na naramdaman nila para sa isa't isa. They could not seem to resist each other. Couldn't seem to get enough. Hindi rin niya maipaliwanag kung bakit napakalakas ng atraksyon niya kay Nema. All he could think about was that pink tongue darting out of that sweet mouth.

He was usually rational but when it came to Nema ay nawawala ang self-control niya. Mabuti na lamang at istorbo ang kanyang sekretarya. Kung hindi, baka nagliyab na silang pareho sa opisina niya.

Masamang-masama siguro talaga ang loob ng dalaga sa kanya na sa halip na tulungan niya itong huwag matuloy ang kasal ay parang gustung-gusto pa niya na makasal sila.

Hindi rin alam ng binata kung bakit. Noong una ay nagrebelde ang kalooban niya sa kanyang lolo but once he found out that it was Nema that he was supposed to marry, hindi na siya lumaban pa. Beside the fact that he wanted to please his grandfather, he also felt that Nema might just be the right girl for him.

So far, she was proving him right. He found her interesting. He was always alert when he was with her. Mas madalas siyang tumawa ngayon. And if that was not enough, he even got the hots for her.

# 5

Inimbitahan sila ni Lolo Andres sa isang family barbecue party sa bahay ng mga ito. Tutal ay araw ng Linggo ngayon ay maganda raw na magsama-sama ang pamilya nila at nang mapag-usapan ang detalye ng kasal. Nasa labas na ang driver na pinasundo nito sa kanila.

Ngayon lamang nalaman iyon ni Nema dahil hindi sinabi iyon kaagad ng ina. Marahil ay alam nitong tatakas siya kapag binanggit nito nang maaga ang tungkol sa party na iyon. Kilalang-kilala nito ang kara niya.

Ngayon nga ay nakasimangot siya habang nakadungaw sa bintana ng silid at nakahalukipkip.

Bumuntong-hininga si Imelda at tumigil sa paghahanap ng maisusuot ng anak sa closet. Lumapit ito sa kanya at hinaplos nito ang ulo niya.

"Anak, alam kong hindi ka sang-ayon sa ginagawa namin ng daddy mo pero sa tingin ko naman ay tama iyon. Para rin sa iyo 'yon. Madali namang mahalin si Alfonso, di ba?"

Iyon nga ang ikinakatakot ng dalaga kaya

ayaw niyang pumunta sa party. Tiyak na nandoon si Alfonso. Ayaw pa niya itong makita. Simula nang pinuntahan niya ang fiancé sa opisina nito ay iniwasan na niyang makita o makausap ito. Naging successful naman ang tactic niya. Iyon pala ay dahil nagpunta ito sa Singapore kaya hindi niya ito nakikita.

Hindi niya maintindihan ang reaction ng kanyang utak at katawan kay Alfonso. Ang puso niya ay tila nagdi-dribble nang mag-isa. Ang utak niya ay nababablangko. Ang katawan niya ay parang namamagneto rito. Hindi niya alam kung paano ito kakausapin, kung paano pakikitunguhan.

"Please naman, anak. Just trust us. May ginawa ba kami para sa iyo na ikinasama mo?"

Umiling si Nema. Hinigit ng mommy niya ang isang blouse at pantalon mula sa salansan ng damit niya at iniabot sa kanya. Buntong-hininga lang ang naging sagot niya saka kinuha ang damit. Nang makabihis siya ay tumulak na sila papunta sa bahay ng mga Devera.

Napanganga sila sa nakita. Hindi pala basta bahay iyon. Mansion! Ang taas ng gate at ang daming security guards. Mas marami pa kaysa nakatira sa bahay na iyon. Ngayon lang niya nahinuha kung

gaano talaga kayaman ang mga Devera.

Masayang sinalubong ni Andres ang pamilya Calderon. Hinanap kaagad ng mga mata ng dalaga si Alfonso pero hindi niya nakita ang binata. Nakahinga siya nang maluwag. Baka hindi pa ito dumarating mula sa business trip nito sa Singapore. Makakapag-enjoy siya kahit kaunti.

Tumuloy na sila sa garden at tumambad sa kanila ang eternity pool ng mga ito. Tuwang-tuwa si Nikko at kaagad namang inanyayahan ni Lolo Andres na maligo ito sa pool. Nagmamadaling nagpalit ng damit-pampaligo ang kapatid niya at saka nagpakitang-gilas nang mag-somersault ito pa-dive sa tubig.

Parang naeengganyo rin siyang mag-swimming kaya lang wala siyang baong pampaligo. Naghanap na lang siya ng puwedeng pagkaabalahan. Ang mommy niya ay tumutulong na kay Tita Ayesha sa kusina. Ang mga lalaki naman ay naupo na sa lanai area.

Nalanghap ni Nema ang amoy ng iniihaw. Naglaway siya, gusto niyang magpapak ng mga iyon. Tinungo niya ang grilling area. Mahilig siyang mag-ihaw sa kanila dahil mahilig din siyang magpapak ng mga kaaahon lang na inihaw kaya ang palayaw

sa kanya sa bahay ay dakilang Grill Queen.

Lalo siyang naglaway nang makita ang steak, liempo, pusit at tahong na iniihaw. Nakiusap siya sa dalawang maid na naroon kung puwedeng siya na lang ang gumawa niyon. Noong una ay nagpakatanggi-tanggi ang mga ito. Baka raw mapagalitan sila ni Lolo Andres pero sa huli ay pumayag din ang mga katulong. Ang isa ay pinapunta niya sa kusina para roon na lamang tumulong.

Nag-e-enjoy talaga si Nema sa ganoong gawain. Wala siyang pakialam kung mag-amoy inihaw siya. Naalala niya bigla si Alfonso. Baka dumating ito at maamoy siya. Bandang huli ay nagkibit-balikat lamang siya. Bakit siya mag-aalala kung hindi na siya amoy-baby cologne, hindi naman siya nagpapa-impress kay Alfonso. Di ba gusto nga niyang umayaw ito sa kanya?

---

Gusto sana ni Alfonso na tumuloy na lamang sa kanyang condo unit dahil pagod na pagod siya mula sa business trip niya, pero alam niyang hindi niya magagawa. Paglapag ng eroplanong sinakyan niya ay nakatanggap siya ng tawag mula sa abuelo na may kaunting salo-salo sa bahay nila kasama ang buong pamilya ni Nema. Biglang nawala ang pagod

niya.

Kadarating pa lang niya sa Singapore ay gusto na niyang hilahin ang orasan para matapos na ang meetings niya at makauwi na ng Pilipinas. Habang kausap niya ang mga business associates doon ay sumasalit sa kanyang isip ang mainit na tagpo nila ni Nema. Ang mga kasama niya sa Singapore ay mga kaibigan na niya noong nasa kolehiyo pa lamang sila sa Amerika. Lahat sila ay successful at nagbabalak silang magtayo ng isang hotel sa Singapore.

Sa umaga ay business ang usapan at sa gabi naman ay nagliliwaliw sila sa mga bars doon. Kapag uwian na ay kani-kanyang bitbit ng babae ang mga ito, siya lamang ang natatanging walang gana. Kahit na sabihing ang mga babae na ang nagbibigay ng motibo para maisama niya ang mga ito sa kanyang hotel room ay hindi siya nagkainteres.

Binago na yata ni Nema ang pananaw at mga gusto niya. Sa kaunting panahon na nagkasama sila, naging magaan ang loob niya rito. Siguro dahil totoong tao ito. Siguro dahil ito lamang ang tanging babaeng ayaw magpakasal sa kanya, and she was very vocal about it. Siguro ay na-challenge siya rito. One thing for sure, he had not had this much fun with a woman in years.

Nema was playing hard to get and he was enjoying it. He felt refreshed with the thought he would be seeing his fiancée soon. Hindi na niya kailangang maghintay pa ng Lunes para makita ito. And it excited him.

Nang dumating si Alfonso sa bahay nila ay hindi na niya napigilan ang sarili na unang hanapin ang dalaga. Nasa grilling area ito at pinupunasan ng kitchen towel ang pinagpapawisang mukha. What she did next almost floored him with laughter.

Nakatuon ang tingin sa iniihaw sa harap nito, pasimpleng dumukot si Nema sa plato ng piraso ng liempo at saka patago rin iyong isinubo. Para itong batang nang-uumit ng candy sa tindahan. Walang mababakas sa mukha nito sa ginagawang kalokohan.

Nema kept doing unexpected things at every unexpected turn. Ang pagiging spontaneous nito ang isa sa mga nakakatuwang bagay tungkol dito.

Nilapitan niya ito at nang mapansin siya ng maid na katabi nito ay inilapat niya ang hintuturo sa kanyang labi upang tumahimik ito. Sinenyasan niyang pumasok ito ng bahay. Tahimik na lumapit siya kay Nema nang umalis ang katulong. Hindi pa rin siya namamalayan ng dalaga. Inihanda niya ang dalawang hintuturo at saka itinusok sa tagiliran nito.

"Ehe! Pusang gala!" Napaliyad at napatalon ito sa ginawa niya at saka pumihit paharap sa kanya. Napaawang ang mga labi nito nang makita siya.

Umaalog ang mga balikat ni Alfonso sa pagtawa. Kumuha siya ng isang piraso ng liempo at isinubo dito. Dahil marahil sa pagkagulat ay hindi nito nagawang isarado ang bibig at nguyain ang isinubo niya.

"Close your mouth, sweetie. You look tastier than any of the meat you're cooking. I might just kiss you."

Sa sinabi niyang iyon ay itinikom ni Nema ang bibig, ngumuya nang kaunti at pilit lumunok. Unti-unting kumunot ang noo nito at namaywang.

"Bakit ka nandito? Akala ko ba nasa Singapore ka?"

"Bakit, na-miss mo ako?" He was in a playful mood. Kinindatan pa niya ito. Nakita niya na unti-unting bumabangon ang inis nito kaya minabuti na niyang gawin ang kanina pa gustong gawin. Inilapit niya ang kanyang mga labi rito, pero ang nilapatan ng kanyang bibig ay ang kahahango pa lang na pusit na ipinangsanggalang sa kanya ni Nema!

Alam niya na may repercussion ang ginawa niyang pagpapahalik kay Alfonso sa pusit kaya natatawang tumakbo na si Nema palayo sa binata. Paglingon niya ay nakita niya ang ngisi nito na nagbabanta. Nag-peace sign siya pero malalaki ang ginawa nitong hakbang para makalapit sa kanya.

Tumakbo siya sa loob ng bahay. Palapit naman ito nang palapit kaya umakyat siya sa grand staircase hanggang marating niya ang ikalawang palapag. Lumingon siya at ilang hakbang na lang ay maaabutan na siya nito. Binelatan niya ito at saka tumalilis patakbo. Narinig niya ang malakas nitong halakhak at hindi na rin niya mapigilan ang sarili na mapahagikgik. Ang puso niya ay tumatambol sa magkahalong kaba at excitement.

Pinihit niya ang unang pinto sa kaliwang parte ng hagdanan. Bumukas iyon at bago pa niya maisarado ay naiharang na kaagad ni Alfonso ang katawan nito. Pinigilan niya ang pagtatangka nitong pumasok. Impit na tili lamang ang lumabas sa kanyang mga labi nang itulak nito ang pinto.

“Think you can get away from me, huh?” nakangisi nitong tanong. Ang mga mata ni Alfonso ay punung-puno ng kapilyuhan.

Napaatras si Nema hanggang sa maramdaman

niya ang kama sa likod ng kanyang binti.

"Alfonso! Huwag kang lalapit! We need to talk first. Hindi puwedeng matuloy ang balak ng mga matatanda na ipakasal tayo. Please naman, Alfonso. Nakikiusap na ako sa iyo. Kausapin mo si Lolo Andres. " Itinaas niya ang mga kamay para pigilan ang binata pero nasa harap na kaagad niya ito. Inilapat niya ang mga palad sa dibdib nito, ngunit para siyang napaso na binawi ang mga kamay at inilagay sa likuran niya. Nakuyom niya ang kanyang mga kamay. Nararamdaman pa rin niya ang init na nagmula sa dibdib nito.

Hinapit siya ng binata sa baywang. Napasinghap siya nang magdikit ang kanilang mga katawan. Their lips mere centimeters apart. Their eyes just looking at each other.

"I missed you, Nema." Hinaplos nito ang pisngi niya. He was so gentle with her that she felt herself going soft on him. Inilagay nito ang isa pang kamay sa batok niya at banayad na inilapit ang kanyang mukha sa mukha nito. Sinusian nito ng banayad na halik ang kanyang mga labi.

Naipikit niya ang kanyang mga mata. She just wanted to feel him, taste him. She responded to his urgings. Kusang naglambitin ang kanyang mga

kamay sa magkabilang balikat nito. Halos isiksik na niya ang katawan rito.

Umungol pa siya nang itinigil nito ang paghalik sa kanya. Ang mga kamay nito ay ibinaba muli sa kanyang baywang. His thumbs caressing the naked part between the waistband of her jeans and the edge of her t-shirt.

Nakaawang pa rin ang mga labi niya na naghihintay sa mga labi nito. Nang magtagal at hindi bumaba ang mga iyon sa kanya ay iminulat niya ang mga mata.

He was looking at her tenderly. He licked his lips and she looked at it hungrily. He chuckled. He knew what she wanted.

"Good enough to eat…" May garalgal ang tinig ni Alfonso.

Once again, his lips swooped down and claimed hers. Hindi na siya nag-isip pa. Tinugon niya ang halik nito nang kasing-init. She felt the pressure of his thumb on her chin, forcing her to open her mouth. She felt his tongue tickling hers. Instinctively, she let herself play with him.

Hanggang sa maramdaman niya na nakahiga na sila pareho sa kama. Nakadagan ang kalahati ng

katawan ni Alfonso sa kanya but she did not mind. All that matters was the delicious feeling that he was evoking in her.

Umungol si Nema nang ihiwalay nito ang mga labi sa kanyang bibig. Hinabol niya ang mga labi nito.

"Shh…" bulong ng lalaki. Naglandas ang mga labi ni Alfonso sa kanyang leeg. His hands went under her shirt and her bra. Muntikan na siyang mapahiyaw nang maramdaman niya ang kamay nito sa kanyang dibdib, kneading them, playing with her nipples. All her feelings concentrated on the exquisite sensation of his hands on her breasts.

Napapikit nang mariin si Nema. She licked her lips. She sighed. She felt warm kisses on her belly, his tongue swirling on her belly button. She sighed again. Narinig niya ang marahas na paghinga ni Alfonso. Her shirt slowly inching up over her until suddenly she was almost naked from the waist up. He pulled aside the straps of her bra and exposed her breasts.

Hinintay niya ang sunod na gagawin ng fiancé, pero lumipas ang mahabang sandali ay wala itong ginawa. She slowly opened her eyes and saw Alfonso just looking at her two mounds. Pinamulahan siya

ng pisngi at pinilit takpan ang sarili.

"Oh, no. Baby, don't… you're perfect," he murmured huskily.

And then he started to kiss the outer slopes of her left breast. Napapikit siya nang mariin. Her hands buried itself in Alfonso's silky soft hair. His mouth worked its way into her nipple. She almost screamed when he hungrily sucked at her rosy peak. He paid homage to her other bust. She felt his hands unbuttoning her jeans.

With their senses firmly attuned to each other, hindi nila namamalayan ang mahihinang katok mula sa pinto hanggang sa lumakas ang pagkatok nito.

"Sir, kakain na daw po, sabi ng lolo n'yo," anang tinig mula sa labas ng silid.

Parang binuhusan ng malamig na tubig na napabalikwas ng kama ang dalaga. Napatingin siya kay Alfonso na nagulumihanan sa ginawa niya.

"Alfonso! Sagutin mo ang maid," natatarantang bulong niya rito habang hinahanap ang t-shirt.

Saka lamang ito parang natauhan. "Oo. Susunod na kami!" may garalgal ang tinig na sagot nito.

Nakita niya kaagad ang damit at mabilis na

naisuot iyon. Hindi siya makatingin sa lalaki. Dahan-dahan siyang pumunta sa pinto at marahan iyong binuksan. Wala na ang maid kaya kaagad siyang tumalilis palabas ng kuwarto.

Gusto niyang batukan ang sarili sa nangyari. Gusto niyang maiyak sa kanyang inakto. She practically begged for Alfonso to make love to her with her wantonness. Ano pang mukha ang ihaharap niya sa pamilya nito at sa pamilya niya? Lalo na kay Alfonso!

Kunwari pa siyang aayaw-ayaw pero hayun. Isang halik lang nito ay pumapayag na siya sa kahit na anong gusto nito.